JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Mga Biyayang Nakapapaligaya sa Kapwa Ko



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at sinulat upang tulungan kang makapagpapakita ng iba't-ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang bigay ng Diyos sa pamamagitan ng: 1.2 Nakapagbabahagi ng mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin sa kapwa. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na gamitin sa iba't-ibang sitwasyon.

**Nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap, at tatanggapin.**
***EsP2PP-Iva-D-5***



# Subukin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Binigyan tayo ng Panginoon ng __________ upang makapagsalita.
   **A.** mata **B.** tainga **C.** bibig
2. Ang *Girls Scouts at Boy Scouts of the Philippines* ay nagkaisa na bigyan ng mga ____________ ang mga nasalanta ng bagyong Rolly upang mayroong makain ang mga ito.
   **A.** pagkain **B.** laruan **C.** bulaklak
3. Ang pagbabahagi ng biyayang natanggap ay _____ ng Diyos.
   **A.** kinalulungkot **B.** kinagagalak **C.** kinagagalit
4. Nagkaisa ang mga *Girls Scouts at Boy Scouts of the Philippines* na mamigay ng __________ sa mga pulubi para may masuot.
   **A.** damit **B.** sasakyan **C.** pagkain

5. Si Gelai ay mahilig tumulong sa kapwa. Bilang isang bata, dapat mo ba siyang tularan?
   **A.** Oo **B.** Hindi **C.**paminsan-minsan

# Modyul 2 — Mga Biyayang Nakapagpapaligaya sa Kapwa Ko



## Balikan

Basahin mo ang tula.

Mahal na Diyos, maraming salamat!
Sa lahat ng mga biyayang iyong binigay;
Sa tubig, hangin, langit at lupa;
Sa mga halaman at mga hayop;

Higit sa lahat sa paglikha Mo sa amin,
na Iyong pinakilalang anak;

Dahil dito kami ay nangangakong,
Pahahalagahan ang mga bagay na Iyong ginawa;
Ito ay bilang pagpapakita, sa aming
pagmamahal at pagpapasalamat po sa Inyo.

*Source:Anna Marie Quebuen,Edukasyon sa Pagpapakatao-Grade 2 Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya,Unang Edisyon,2013,ISBN:978-971-9990-93-2,p256*

Buuin mo ang mga salita. Isulat ito sa katabing patlang.

1. YIDOS = ______________
2. AYAYB I= ______________
3. AYGIB = ______________
4. UTGIB = ______________
5. NGINAH= ______________
6. ANGLIT = ______________
7. PALU = ______________
8. MANLAHA = ______________
9. AYOPH = ______________
10. OTA = ______________



# Tuklasin

Kulayan ng **dilaw** ang kahong nasa unahan ng bilang na nagpapakita ng pagbabahagi ng mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin mula sa kapwa.

☐ 1. Tuwing pasko, si Ana na isang *scouter* ay nagbibigay ng regalo sa mga batang lansangan.

☐ 2. Si Alex ay hindi marunong magbigay sa kapwa.

☐ 3. Kaarawan na naman ng aming *troop leader* kaya't mamimigay na naman siya ng mga pinaglumaang laruan.

☐ 4. Madamot si Lyka sa kanyang mga kapatid.

☐ 5. Tuwing Linggo ay nagsisimba si Karen sa Quiapo upang magpapasalamat sa lahat ng biyayang kanyang natatanggap.



# Suriin

Ang pagtulong sa kapwa ay isang napakagandang kaugalian na dapat ipalaganap. Sa kahit anong paraan, maliit man o malaki. Huwag nating kakalimutan na, **ang pagtulong sa kapwa ay isang alay na kinagigiliwan ng Diyos.**


Isang paraan sa pagbabahagi ng mga biyayang natanggap ay ang pagbibigay natin sa ating kapwa. Lahat tayo ay may mga biyayang natatanggap sa araw-araw. Dapat natin itong pahalagahan at ipagpapasalamat sa ating Panginoon. Ang wastong pagbabahagi ng mga biyayang natanggap ay sa pamamagitan ng pagtulong na may kusang loob walang pag-aalinlangan at hindi naghihintay ng anumang kapalit.



# Pagyamanin

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang.

**A.** Nagbigay ng libreng gamot ang doctor sa batang babae.
**B.** Inalalayan ng Boy Scouts ang matandang babae.
**C.** Binigyan ni Eva ng pagkain ang batang lalaki.
**E.** Tinulong ng mga Boy Scouts sa paglalakad ang kapwa nila scouters.
**D.** Inabutan ni Ale ng pera ang pulubi.

____1 

http://clipart-library.com/scouts-cliparts.html

____2 

https://www.clipartmax.com/middle/m2i8A0i8N4H7G6b1_giving-to-the-poor-png-transparent-giving-to-the-

____3 

https://www.freeimages.com/premium/boy-helping-elderly-woman-46291

____4 

https://pngio.com/PNG/a3922-giving-food-to-the-poor-png.html

____5 

https://www.shutterstock.com/image-vector/doctor-giving-vitamin-little-girl-hospital-1697062144



# Isaisip

**Panuto:** Hanapin ang limang biyaya na karaniwang matatanggap mula sa ating kapwa. Bilugan mo ito.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | K | A | I | N | D | Q | D |
| M | Q | W | E | R | S | T | T | W | A |
| L | U | I | O | P | A | A | I | E | M |
| A | S | D | F | G | P | H | R | R | I |
| R | J | K | L | Z | A | X | A | T | T |
| U | C | V | B | N | T | M | H | U | P |
| A | Q | W | E | R | O | T | A | I | A |
| N | Y | U | I | O | S | P | N | O | S |



# Isagawa

**Panuto:** Iguhit ang bituin  kung ito ay nagpa-pakita ng pagbabahagi ng biyayang natanggap. Iguhit naman ang kalahating buwan  kung hindi.

_______1. Kilala ang aming *troop leader* na magaling umawit sa kanilang lugar. Lagi siyang nananalo sa paligsahan na kanyang sinasalihan. Sa darating na *scouting* siya ay nag boluntaryo na aawit ng libre.

_______2. Balewalain mo lamang kung may pulubi na naghihingi ng sobra mong pagkain.

_______3. Tinuturuan ng mga *Girls Scout of the Philippines* ang mga batang lansangan ng pagsasayaw kahit walang bayad.

______4. Tinuturuan ng mga *Boy Scout of the Philippines* na magbasa at magsulat ang mga bata sa kanilang lugar tuwing linggo.

______5. Namimigay ng pamasko ang mga *scouters* tuwing Disyembre sa mga kapus-palad.



## Tayahin

**Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

_____1. Isa sa mga *scouters* ay maysakit kung kaya't binigyan mo siya ng ________ upang maibsan ang sakit niyang nararamdaman.

**A.** papel **B.** duyan **C.** gamot **D.** sapatos

_____2. Habang nanonood ka ng paborito mong palabas sa inyong flatscreen TV ay napansin mong sumisilip ang kapitbahay nyo sa bintana at nakikipanood.

Ano ang gagawin mo?

**A.** Pagsasarhan ito ng bintana.

**B.** Papasukin mo ito upang makapanood.

**C.** Paaalisin mo ito.

_____3. Isang pamamaraan sa pagbabahagi ng mga biyayang natanggap ay ang ______ natin sa ating kapwa.

**A.** pagdadamot **B.**pagyayabang **C.** pagbibigay

_____4. Ikaw ay binigyan ng ______ upang luminaw ang iyong paningin.

**A.** ballpen **B.** salamin **C.** cellphone

_____5. Si Justin ay may kapwa scouters na naging biktima ng bagyong Ulysses dahil sa kanyang awa nakiusap siya sa kanyang ina na bigyan ito ng makakain at masusuot.

Tama ba ang ginawa ni Justin?

**A.** Hindi **B.** Hindi ko alam. **C.** Oo



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magbigay ng limang (5) paraang maipakita mo ang pagbabahagi ng biyayang iyong natanggap.

# Sanggunian

Anna Marie Quebuen,Edukasyon sa Pagpapakatao-Grade 2 Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya,Unang Edisyon,2013,ISBN:978-971-9990-93-2,p256
https://pngtree.com/freepng/man-selling-seafood_2566583.html
http://clipart-library.com/scouts-cliparts.html
https://www.shutterstock.com/image-illustration/illustration-child-holding-toy-box-donationsgirl-233433811
https://www.clipartmax.com/middle/m2i8A0i8N4H7G6b1_giving-to-the-poor-png-transparent-giving-to-the-poor-helping-poor/
https://www.freeimages.com/premium/boy-helping-elderly-woman-46291
https://www.canstockphoto.com/volunteers-helps-homeless-and-poor-79245525.html
http://clipart-library.com/family-cooking-cliparts.html
https://pngio.com/PNG/a3922-giving-food-to-the-poor-png.html
https://www.shutterstock.com/image-vector/cute-girl-sharing-sandwich-friend-1197355975
https://www.shutterstock.com/image-vector/doctor-giving-vitamin-little-girl-hospital-1697062144

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **MARY GRACE A. HORE, Teacher III**
Ipil Central Elementary School
Zamboang Sibugay Division
Editor: **Rethel Ann C. Dadulo**
Tagasuri: **Baby Aida S. Awang**
**Rowena D. Quiboyen**

**Mona Lisa M. Babiera, Ed.D**
*Education Program Supervisor*
Tagapamahala:
**Evelyn F. Importante**
*OIC-CID Chief EPS*
**Aurelio A. Santisas**
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
**Jerry C. Bokingkito**
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*
**Jeanelyn A. Aleman, CESO VI**
*OIC-Schools Division Superintendent*